



UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES DILIMAN
Office of the Vice-Chancellor for Academic Affairs
NATIONAL SERVICE TRAINING PROGRAM DILIMAN OFFICE

**GABAY PARA SA MAG-AARAL NG NSTP1 KAUGNAY NG REDISTRIBUTION AT
CHANGE OF MATRICULATION 2018**

Narito ang ilang mahahalagang bagay/paunawa kaugnay ng *redistribution at change of matriculation* para sa inyong gabay:

TAKDANG PETA NG REDISTRIBUTION AT CHANGE OF MATRICULATION: Oktubre 24, 2018 (Martes) hanggang Nobyembre 13, 2018 (Martes).

REDISTRIBUTION:

1. Kakailanganing mai-redistribute kayo (lahat ng mag-aaral ng NSTP1) mula sa NSTP Common Module patungo sa patikular na component (LTS1 o CWTS1 o ROTC1) na hinahawakan ng inyong guro sa Common Module. Ang Departamento/yunit na naghahain ng kurso, sa pakikipag-ugnayan ng guro sa NSTP Common Module, ang magsasagawa ng redistribution.
2. Tanging ang mga mag-aaral lamang na nakakumpleto sa lahat ng sesyon ng NSTP Common Module ang maaaring mai-redistribute. Dahil dito, kailangan ninyong mapunuan sa lalong madaling panahon ang mga sesyon sa Common Module na hindi ninyo nadaluhan. Makukumpirma ninyo ang inyong mga kakulangan sa inyong guro.
3. Maaari kayong mag-make-up sa mga sesyong inyong nalibanan. Kaugnay nito, kailangan ninyong kausapin ang inyong guro sa NSTP tungkol sa inyong kakulangan at kung paano ninyo ito mapupunuan. Maaari ninyong gawin alinman sa sumusunod o iba pa, **batay sa inyong mapagkakasunduan ng inyong guro sa NSTP:**

- a. Maaaring ninyong panuorin ang sesyong kapareho ng hindi ninyo nadaluhan sa *uploaded video/s* ng mga paksa sa Common Module (mula sa programang Serbisyong Tatak UP ng NSTP Diliman Office sa DZUP 1602 at mga panayam sa mga eksperto sa mga paksa sa Common Module na binuo ng mga mag-aaral mula sa *College of Mass Communication*). Upang maisagawa ito, kailangang ninyong mag log-in sa **uvle.upd.edu.ph** gamit ang inyong **CRS account** at buksan ang **NSTP Common Module 1**. Dito ninyo matatagpuan ang mga *uploaded Common Module videos*. Ang pamamaraan ng pagtitiyak na inyong napanuod ang *video* ng itinakdang paksa ay pangangasiwaan ng inyong guro sa *NSTP Common Module*. Halimbawa, maaaring hingin ng inyong guro ang inyong pagsusumite ng *reflection paper* sa inyong pinanuod na video.
- b. Gayundin, maaari nyong mapakinggan ang mga piling recorded episodes ng Serbisyong Tatak UP (STUP) na nagtatalakay ng paksang inyong nalibanan sa Common Module. Ang STUP ay isang programang panradyo na ineere ng DZUP 1602, ang opisyal na AM station ng UP Diliman. Dagdag itong materyal para sa mga klase ng NSTP. Ito ay pinangangasiwaan ng National Service Training Program (NSTP) Diliman Office, katuwang ng DZUP 1602 at UP Radio Circle. Tuwing Lunes ay ineere nang live mula ika-9 hanggang ika-10 ng umaga ang mga bagong episode na may mga paksa patungkol sa Common Module, community engagement at mga gawaing pang-adbokasiya. Maaaring ma-access ang listahan ng mga piling episode

gamit ang link na ito: <https://drive.google.com/.../1g8B6KCHqO4JJA2oU9IVi60UZL.../view....>

Ang pamamaraan ng pagtitiyak na inyong napakinggan ang pamalit na recorded episodes ng STUP ay pangangasiwaan ng inyong guro sa *NSTP Common Module*.

- c. Maaari din kayong dumalo sa pagtatalakay ng nalibanang paksa sa ibang Kolehiyo sakaling mayroon pang nakatakdang pagtatalakay ng kaparehong paksa sa ibang Kolehiyong naghahain ng NSTP Common Module. Kailangan ninyong magpaalam at humingi ng pahintulot sa gurong tagapangasiwa ng dadaluhang klase sa ibang Kolehiyo bago kayo dumalo dito. Gayundin, kailangan ninyong magpakita ng sertipiko ng pagdalo sa inyong guro sa NSTP Common Module na nilagdaan ng tagapangasiwang guro ng klaseng inyong dinaluhan sa ibang Kolehiyo o ng kanilang NSTP Coordinator/Tagapag-ugnay. Ito ang magiging katibayan na tunay ninyong nadaluhan sa ibang Kolehiyo ang sesyong tumatalakay sa inyong nalibanang paksa sa Common Module. Gamitin ang **Common Module (CM) Make-up Form** para dito.
4. Hindi na maaaring mag-make-up ang mag-aaral na lampas na sa pinahihintulatang bilang ng pagliban (3 liban o absences). Ang mga mag-aaral na hindi maire-redistribute sa itinakdang panahon ng redistribution ay mananatili sa classlist ng Common Module at hindi mabibigyan ng grado sa NSTP1 (CWTS1, LTS1 o ROTC1). Dahil dito, kakailanganin niyang ulitin ang kurso.
5. Wala nang pupunuang form para sa pagsasagawa ng redistribution ng mga mag-aaral. Nagsimulang ipatupad ang **paperless redistribution** sa NSTP noong Midyear 2017.
6. Kung wala kayong intensyon na lumipat sa ibang guro ng NSTP para sa inyong napiling component ay magtatapos na dito ang proseso.

CHANGE OF MATRICULATION


7. Sakali namang nais ninyong lumipat sa component ng NSTP (LTS1, CWTS1 o ROTC1) na iba sa seksyon/klaseng hinahawakan ng inyong guro sa Common Module, kailangan ninyong isagawa ang change of matriculation matapos kayong maire-distribute sa NSTP component na hinahawakan ng inyong guro sa NSTP Common Module.
8. Paalala na hindi kayo maaaring makapag-change of matriculation hangga't hindi pa kayo nare-redistribute.
9. Lahat ng mag-aaral na magpapasyang lumipat ng guro para sa napiling component ng programa (LTS1, ROTC1, o CWTS1) ay kailangang mabigyan ng kaniyang guro sa Common Module ng "**certificate of completion.**" Katibayan ito na nakumpleto na ninyo ang Common Module. Ang certificate of completion ay kahingian bago kayo pahintulatang lumipat. Lalamanin ng inyong certificate of completion ang inyong **Common Module Grade** (CM Grade) at **bilang ng inyong pagliban** sa mga sesyon ng NSTP Common Module. Bibigyang-konsiderasyon ang mga impormasyong ito ng inyong lilipatang guro sa kaniyang pagbibigay sa inyo ng inyong pinal na grado sa NSTP1 (LTS1, ROTC1, o CWTS1).
10. Paunawa na tanging ang mga mag-aaral lamang na lilipat ng seksyon/ibang guro sa pipiliing component ng NSTP ang bibigyan ng "certificate of completion." Maaari ninyo itong makuha mula sa sa inyong guro ng NSTP CM o sa Tagapag-ugnay ng NSTP sa Kolehiyo. Makipag-ugnayan sa inyong guro ng NSTP CM kaugnay nito.

11. Kung kayo ay lilipat ng guro/seksyon, kailangan ninyong pumunta sa Departamento/yunit na naghahain ng klase kung saan kayo na-redistribute upang magpacancel sa inyong orihinal na klase. Gayundin, kailangan ninyong puntahan ang Departamento/yunit na naghahain ng klaseng inyong lilipatan upang makapagpatala sa ninanais ninyong klase.
12. Tandaang kailangan ninyong makapagpresenta ng certificate of completion sa inyong lilipatang guro bago kayo tanggapin sa klase.
13. Paunawa din na hindi magagarantiya ang pagtanggap sa inyo sa klaseng nais ninyong lipatan. Ang pagtanggap sa mga lilipat na mag-aaral ay pagpapasyahan ng gurong humahawak sa klase. Dahil dito, makabubuting inyo munang makausap ang lilipatang guro upang inyo munang matiyak kung maaari kayong mapadagdag sa kaniyang klase. Maraming salik ang maaaring makaapekto sa pagpapasya ng guro (hal. ang ninanais niyang laki o liit ng kaniyang klase).
14. Matapos ninyong makapagpatala sa lilipatang klase, magtungo sa College Secretary's Office ng inyong Kolehiyo upang makapagpa-print, validate at assess ng inyong change of matriculation form (bagaman lalabas lamang sa assessment na wala kayong babayaran). Kapareho din ito ng proseso ng regular na change of matriculation. Ang kaibahan lamang ay wala kayong babayaran sa change of matriculation para sa NSTP. Kailangan din ninyong papirmahan ang inyong change of mat form sa inyong registration adviser. Matapos mapirmahan ng registration adviser, muli ninyo itong ibabalik sa College Secretary's Office upang mapirmahan naman ng nasabing Tanggapan. Kailangang maisumite ang change of mat form na may kumpletong lagda sa OUR upang makumpleto ang proseso.

Para sa inyong mga katanungan at paglilinaw kaugnay nito, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong guro sa NSTP Common Module o sa Tagapag-ugnay ng NSTP sa inyong Kolehiyo. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Tanggapan ng NSTP Diliman.

Maraming salamat po.

Matapat na sumasainyo,


Prop. Arlyn P. Macapinlac
Direktor, NSTP Diliman
10/22/2018